**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 1, 93-101




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Spoken word poetry sa pagtuturo ng kontemporaryong panitikan

De Ramon, Natividad Lazar ✉
*Sorsogon State University, Philippines (Biobibz2@gmail.com)*
Mariano, Sharon D.
*Sorsogon State University, Philippines (sharondivinamariano@gmail.com)*

**Received**: 20 February 2024 **Revised**: 24 March 2024 **Accepted**: 15 March 2024
**Available Online**: 15 March 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24009

## *Abstract*

This study aimed to determine of the spoken word poetry can be utilized in teaching contemporary literature. Qualitative analysis was employed in the study's design. The data consisted of 20 spoken word poetry pieces gathered from you Tube. The collected data were analyzed, scrutinized, interpreted through content analysis. The following were discovered: the messages contained in spoken word poetry that can be used in teaching contemporary literature revolve around issues of love for people, language and things in the environment, responsibility, tradition, beliefs, and health. The implications to this to the community, teachers, students and administrators are in cultural aspects are enriching the culture inherited from ancestors such as good customs. In sociological terms, having one's own convictions, being resilient, resourceful in facing problems and being true to feelings. Psychologically, being honest always and providing proper service. Politically, not turning to blind eye to justice, not being blind and deaf. The output produced is a video lesson that can be used in online and offline teaching. The following recommendations are: Teachers should use the video lesson as an additional teaching strategy. Familiarize oneself with the modern method of expression through creating spoken word poetry. Expand teacher's appreciation for newly developed tools. It is recommended to use spoken word poetry in assessment to enhance students' skills and abilities in writing and expressing their knowledge and experiences. Conduct further studies on the topic of the current research.

***Keywords:*** spoken word poetry, kontemporaryo, pagtuturo, panitikan, contemporary, teaching, literature

© The Author(s) / Attribution CC BY

## Spoken word poetry sa pagtuturo ng kontemporaryong panitikan

### 1. Introduksyon

Ang panitikan ay isang paraan sa pagpapahayag ng damdamin, ideya, saloobin, at mga karanasan sa buhay. Ito ang nagsisilbing daluyan ng kasiyahan, kalungkutan, hinag pis, galit at iba pang emosyon na magagamit sa pagsulat ng isang obrang likhang akda. Isa ang spoken words sa nauusong uri ng oral art sa mga kabataan na ginagamitan ng word play at intonation upang maipahayag ang kanilang saloobin. Sa ibang lugar ay tinatangkilik ang ganitong uri ng performance poetry lalo na ng mga kabataan. Ipinakita ng mga spoken word artist ang kanilang talento pagdating sa spoken art. Ang genre ito ay umunlad sa Estados Unidos noong ika-20 siglo. Ayon sa mga iskolar, ang tulang Harlem Renaissance, Beat Generation, at Last Poets ay may mahalagang ginampanan sa pag-unlad ng spoken word sa Estados Unidos. Noong taong 1973 ang Nuyorican Poets Café Way itinatag at ito ang pinakalumang tanghalan ng spoken word. Ayon nga sa Republika ng Pilipinas, Sekyon 14, 1987. ang estado ay dapat na alagaan ang preserbasyon, pagpapayaman, at dinamikong ebulosyon na nakabatay sa prinsipyo ng pagkakaisa sa pagkakaiba-ibang kalagayan ng pagiging artistiko gamit ang intelektwal na pagpapahayag.

Sinabi rin ni Santos (1985) lahat ay pinapaksa sa panitikan, ako, ikaw, siya, sila, tayong lahat ay inilalarawan nito. Gayundin ang damdaming masaya, malungkot, namumuhi, nahahabag; ang kadakilaan, kataksilan, kaapihan, pagyurak sa dangal; ang lahat-lahat sa ilalim ng araw at kahit mga bagay na hindi kayang abutin ang paningin basta't maabot ang isip at damdamin. Ang tula ay isang anyo ng panitikan na naglalaman ng damdamin ng tao. Ito ang sumisimbolo sa nadarama at mula sa puso ang mga salita na ginagamit dito. Ito rin ay binubuong taludtod at saknong. Ang Spoken Word Poetry ay ang pagsasaad ng kuwento sa pamamagitan ng isang tula. Ito ay isang anyo ng tula kung saan ang may-akda ay naglalahad ng tula sa madlang tao sa pamamagitan ng pagsasalaysay. Kumpara sa isang normal na tula, mas malikhain at mapaghamong gawin ang Spoken Word Poetry. Gumamit ng mga rhyme para may elemento ng aliw at sariling saloobin upang makuha ang emosyon at pakiramdam ng mga nakikinig.

Si Juan Miguel Severo kilalang spoken word poetry, artist ng bansa. Ayon sa kanya hindi ito basta-basta pagsasalita sa harap ng mga manonood. Ginagamitan ito ng word play, tono ng boses na nakaakma sa paksa at minsan ay background music. Ang Spoken Word poetry, ay isang tula na kung saan ikaw ang bida, ikaw ang mga nakaranas at tula na may "hugot lines" na kung saan dito mo isusumbat ang lahat-lahat ng mga karanasang nagawa mo o kaya ay nararamdaman mo para sa isang tao at kung ano-ano pang mga pangyayari na tumatak saiyo. Pinatunayan ito sa ginawang pag-aaral ni Rodriguez (2016) hango sa paniniwala ni Severo na ang spoken word poetry ay mataas pa ring maituturing kumpara sa ordinaryong paggamit ng wika sa isang diskurso at pagtatanghal. Nakapaloob ang sining at kapangyarihan ng wika na siyang inaayos sa karikitan ng tula. Sa patuloy na pagtuklas ay maaari ring isama ang spoken word poetry sa mga paksang hango sa mga pangyayaring nagaganap tungo sa ikakamulat ng lipunang Pilipino.

Isa ring patunay ang ginawa ni Tuason (2005), ipakilala niya ang Bigkas Pilipinas; isang samahan ng mga makatang mag-aaral ang kanyang binuo upang magtanghal sa iba't ibang gig, kapihan at galeriya sa kalakhang Maynila. Noon pa man, ay madami nang taong nagsusulong ng adbokasiyang ito. Bukod sa pagtatanghal sa entablado ay nagbibigay kabuluhan din ang sining na ito sa likod ng radyo. Ang pagkakatatag lamang ng Bigkas Pilipinas ang nagsilbing hudyat ng pagkakasalamin ng spoken word sa makabagong panahon. Isang samahan din ang itinatag noong 2013 itinatag ang kauna-unahang komunidad ng mga makata sa iba't ibang parte ng Pilipinas, ang Speak Philippines. Baon ang layuning gawing aksesible sa lahat ang iba't ibang kaganapang pagtatanghal, inihandog ng Speak Philippines sa bansa ang mga grupong: Words Anonymous, White Wall Poetry, Marikina-based Polaris at marami pang iba.

Bahagi ng kurikulum ng Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED) ang pagtuturo ng panitikan. Ayon sa CHED Memorandum Order 4 serye 2018, na ang pagtuturo ng Filipino at Panitikan na asignatura sa lahat ng programa ng mataas na antas ng edukasyon ay bahagi ng New General Education Curriculum. Batay sa RA 10533 "Enhanced Basic Education Act of 2013", Sec.10. 2 (d) and (h) na mas kilala sa tawag na K+12 na may kinalaman sa kontekstuwalisasyon at na naglalayong buhayin, pagkilala at pagpapahalaga sa mga lokal na likha, makapagtaguyod, at makasuporta ng isang kompleto, sapat, at pinagsama-samang edukasyon na may kaugnayan sa pangangailangan ng tao, ng bansa at ng buong lipunan sa pangkalahatan. Batay din sa DepEd Order 32, s.2015, ang guro ay maaaring magsagawa ng kontekstwalisasyon sa pagtuturo. Maaari silang gumamit ng estratehiya at kagamitang pampagtuturo upang maiugnay ng kurikulum sa uri ng sitwasyon, lugar, at kalagayan ng paaralan at mag-aaral nang sa gayon maging kapaki-pakinabang at epektibo ang pagtuturo sa lahat ng mga mag-aaral.

Ang mga kautusang ito ay magpapatibay sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat bahagi ang pagtuturo ng panitikan sa kolehiyo. Ang spoken word poetry ay genre ng panitikan sa kontemporaryong panahon na kung saan ay ito ang daluyan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang damdamin at karanasan. Gayundin ang Kagawaran ng Edukasyon ay patuloy sa paghubog ng kurikulum, at pagtuklas ng mga makabagong instrumento na magagamit ng mga guro sa pagtuturo. Mahalaga ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ito ay magpapayaman sa ating kultura at panitikan. Nakapaloob sa Dibisyon Memorandum Blg. 317 s. 2023 ng Lungsod ng Sorsogon na nagkaroon ng kautusang buhat sa batas Republika 10661 na dineklara na tuwing ika-27 ng Nobyembre ay ipinagdiriwang ang National Children's Month bilang "Araw ng Pag-asa" kung saan ang ahensya ay nagpalabas ng batas D.M 244 s. 2011 upang ipatupad at ideklara na ang buwan ng Nobyembre ay "National Reading Month". Binibigyang-tuon dito ang pagkakaroon ng spoken poetry kompetisyon. Layunin ng gawaing ito na mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mahubog ang kasanayan na makilahok sa mga gawain lalo na sa pagbigkas ng spoken word poetry.

Bilang guro na nagtuturo ng mga anyo ng kontemporaryong panitikan sa kolehiyo ay kailangan ng kagamitang pampagtuturo na magagamit sa pagtuturo sa spoken word poetry. Ang pagpili ng maaaring magamit na spoken word poetry ay mahalaga sapagkat kailangang akma sa paksa ng aralin gayundin ang mensaheng hatid nito sa mga tagapanood. Kailangan ding masuri ang implikasyong kultural, sosyolohikal, sikolohikal, at politikal na sumasalamin sa mga spoken word poetry. Batay sa karanasan ng guro kulang ang kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa asignaturang ito, at bilang tugon sa makabagong panahon ng edukasyon ang nabuong gawain ay makakatulong sa pang-unawa at pagpapaunlad ng pagkatututo ng mga mag-aaral. Ito ang nag-udyok sa mananaliksik upang pag-aralan ang spoken word poetry na magagamit sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa kontemporaryong panitikan.

### *1.1 Layunin Ng Pag-Aaral*

Natiyak sa pag-aaral na ito na malaman ang (1) mga Spoken Word Poetry na maaring magamit sa pagtuturo ng kontemporaryong panitikan. (2) Malaman ang mga mensaheng nakapaloob dito (3) malaman ang mga implikasyon ng spoken word poetry batay sa aspektong kultural, sikolohikal, sosyolohikal at political

## 2. Pamamaraang Ginamit

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng Kwalitatib-analisis upang makapili ng 20 Spoken Word Poetry nanakapost sa youtube na siyang pinagbatayan upang suriin. Sinuri ito batay sa dami ng manunuod. Ginamit ang kontent-analisis upang matukoy ang Spoken Word Poetry na maaaring gamitin sa kontemporaryong panitikan. Gayundin sinuri ang mensahe, at ang implikasyon sa iba't ibang aspekto. Ang mga nalikom na Spoken Word Poetry ay binigyan ng interpretasyon sa tulong ng nararapat na estadistika tulad ng pagbilang, pagrarango at pagsusuri. Gamit ang hanguang elektroniko, ang mananaliksik ay naglaan ng mahabang oras upang makahanap ng pagkakataon makapanood ng iba't ibang Spoken Word Poetry na nakapost sa youtube. Naging batayan ng mananaliksik sa pagpili ng bawat piyesa ng Spoken Word Poetry ang dami ng manonood. Pinagbigay alam ng

mananaliksik sa mga may-akda ang pagkuha ng Spoken Word Poetry sa pamamagitan ng pagpadala ng mensahe. Dalawampung (20) Spoken Word Poetry ang nakuha sa youtube na may maraming nanonood sa pagtatanghal. Sinuri ng mananaliksik ang mga piyesa gamit ang kontent-analisis ni Gadamer. Sa pagsusuri ng Spoken Word Poetry binigyang-tuon ang nakapaloob na mensahe at implikasyon batay sa kultural, sosyolohikal, sikolohikal, at politikal na aspekto.

## 3. Mga Natuklasan

Natuklasan ng mananaliksik sa ginawang pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Ang mga Spoken Word Poetry na maaring gamitin sa pagtuturo ng kontemporaryong panitikan ay ang Bakit Ako ni Yasmin Yee na may 2.5 milyong manonood, Laban o Paalam ni John Carlo na may 2.4 milyon, gawa ni Claudia D. na may pamagat na Pasensiya na may 1.8 milyong manonood, Laro ni Mercy Bless na may 1.3 milyon, Kahit Hindi na Ako na may 1.1 milyon, Panandalian Saya ni Dianalyn Fallarme, na may bilang na 6.1k,Hustisya ni Maricel Sarmiento na may 5.5k, Alaala ni Mercy Bless na may 4.9k, Kasal ni Ritz S. na may 3.4k at ang huli ay Eleksyon ni Jenette Dunggon na may kabuuang bilang na 2.1k.

2. Ang mga mensaheng nakapaloob sa spoken word poetry ay mas maraming tumatakay sa pagmamahal tulad ng pagmamahal sa tao, wika at mga bagay-bay na kapalibot, kasunod ang pagiging responsable ng isang tao, tungkol sa tradisyon at paniniwala at ang tungkol sa banta ng kalusugan.

3. Ang mga implikasyon ng spoken word poetry sa kultural na aspekto ay kailangang pagyamanin ang kulturang minana mula sa mga ninuno tulad ng magagandang kaugalian, huwag ikahiya ang sariling kulturang Pilipino sapagkat ito ang magpapakilala ng identidad ng bansa. Kumilos at ipakita kung ano ang nararapat para lumago ang yaman ng bansa. Sa sosyolohikal, dapat magkaroon ng sariling paninindigan sa pagdidisisyon sa buhay, lalo na pagdating sa pag-pili ng taong gustong makasama sa buhay. Maging matatag at mapamaraan sa pagharap ng mga problema. Maging totoo sa nararamdaman, huwag ikubli ang katotohanan, bagkus buksan ang isipan para sa mga bagong posibilidad na darating.

Sa sikolohikal ang implikasyon ay maging matapat sa lahat ng pagkakataon. Magkaroon ng maayos na serbisyo sa lipunan ang kailangan upang maituwid ang maling sistema na kinamulatan. Maki-alam tayo, huwag basta manahimik nalang pag nasa tama bigyan ng panahon upang mangatwiran. Sa politikal ang implikasyon ay huwag piringan ang hustiya, kung sino ang tunay na may sala ay siyang dapat managot. Boses ng mamamayan ang kailangan para maputol ang anumang maling sistemang nakagisnan. Huwag maging bulag at pipi.

4. May gawaing nabuo na maaaring gamitin sa pagtuturo ng Spoken Word Poetry bilang kagamitang pampagtuturo sa kontemporaryong panitikan sa kolehiyo. Ito ay ang Video Lesson na magagamit sa online at offine na pagtuturo.

## 4. Konklusyon At Rekomendasyon

Sa ginawang pag-aaral ang mga sumusunod ang nabuong kongklusyon: 1. Maraming spoken word poetry ang magagamit sa pagtuturo ng kontemporaryong panitikan. Iba-iba ang naging tema at layunin nito. 2. Iba't ibang mensahe ang nakapaloob sa spoken word poetry na maaaring pagbatayan sa pagtalakay ng kontemporaryong panitikan. 3. May implikasyon ang spoken word poetry sa aspetong kultural, sosyolohikal, sikolohikal at politikal ay makapagpapalago, makakatulong upang maging gabay sa pagpapahalaga sa panitikan, at kultura. 4. Ang video lesson gamit ang Spoken Word Poetry ay maaaring tanggapin at gamitin upang makilala ang mga makabagong tula sa kontemporaryon panahon na magamit ito sa kasalukuyang pagtuturo bilang makabagong kagamitan. Inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod: 1. Gamitin at pagbatayan ng mga guro sa pagtamo ng karagdagang estratehiya sa pagtuturo ng kontemporaryong panitikan ang mga Spoken Word Poetry. 2.Ang mga guro sa kontemporaryong panitikan at Filipino ay hinihikayat na kilalanin ang makabagong paraan ng pagpapahayag sa pamamagitan ng pagpapagawa ng Spoken Word Poetry sa loob ng

klase. 3.Palawakin ang pagtangkilik ng mga guro sa pagbabagong nagaganap sa lipunan ng hindi mapag-iwanan ng panahon. Sapagkat mapapalago nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat, pagsasalita, pag-aanalisa, upang mapataas nito ang kalidad, at magsisilbing motibasyon sa pagtuturo ng wikang Filipino. 4.Inirerekomenda na gamitin ang mga Spoken Word Poetry sa pagtataya upang mabuksan ang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat at pagpapahayag ng kanilang mga kaalaman at karanasan. 5. Magsagawa ng karagdagang pag-aaral tungkol sa naging paksa ng kasalukuyang pag-aaral.

## 5. Talasanggunian

AKLAT

Abario, A. (2016) Spoken word poetry: Muling pagsibol ng wikang filipino-FEU Advocate. FEU Advocate - Spoken Word Poetry: Muling Pagsibol ng Wikang Filipino.

Acopra, J., Armendares, J., et al. (2020). Panitikang Panlipunan. Mindshapers Co., Inc. Rm. 108 ICP Bldg., Recoletos St., Intramuros, Manila.

Aguilar, R., Buenaventura, E. M., Jocson, M. O., Pegtuan, Z. M., Santos, D. C., at San Valentinches, L. S. (2013). Panitikan ng Pilipinas: Rehiyunal na pagdulog. Paretos, Metro Manila: Grandbooks Publishing Inc.

Aguila C. J. (2017). Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan. Philippine Science High School-Main Campus (Diliman). The Normal Lights. Volume 11, No. 1.

Almario, S. V. (2015). Pagpaplanong Pangwika at Filipino. KWF: SanMiguel Maynila.

Almario, V. S. (2006). Pag-Unawa sa Ating Pagtula: Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino. Anvil Pub.

Andaquig, J. P. (2019). Palakasin ang pagtuturo ng Filipino, Panitikan, at Konstitusyon sa basic at teriary Education. IBON.organization.

Alvarez, N., & Mearns, J. (2014). The benefits of writing and performing in the spoken word poetry community. The arts in psychotherapy, 41 (3), 263-268.

ASEAN. Secretariat. (2015). ASEAN Integration Report (2015). Jakarta: ASEAN Integration Monitoring Office, the ASEAN Secretariat. Retrieved from http://www.miti.gov.my/miti/resources/ASEAN_Integration_Report_20151.pdf

Angel, R. D. J. (2018). Mga Salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng Tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 11 Huimanities and Social Sciences ng Ramon Magsaysay Technological University, Taung Panuruang 2017-2018.

Badayos, P. B. (2008). Metodolohiya at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga teorya, simulain at estratehiya. Valenzuela City, Metro Manila: Mutya Publishing House Inc.

Bago, A. L. (2014). Curriculum development: the Philippine experience. De La Salle University Press.

Bandura, A., & Walters, R. H., (1977). Social learning theory (Vol. 1). Englewood Clios, NJ: Prentice-hall.

Buensuceso, T. S. (1997). Panitikang Filipino. Manila: UST Publishing House.

Bruner, J. (1960). Ang proseso ng Edukasyon, Cambridge, MA: Harvard University Press.

Bruner, J. (1966). Ang proseso ng Edukasyon, Cambridge, MA: Harvard University Press.

Bohol, A. I. (2015). Kaalamang pambokabularyo ng mga mag-aaral sa Florante at Laura: Isang kabuluhang pangwika. Southern Leyte State University – Tomas Oppus, Southern Leyte.

Burden, P. R., at Byrd, D. M. (2015). Methods for effective teaching: Meeting the needs.

Constantino, C. P. (2005). Filipino at Pagpaplanong Pangwika. SANGFIL [6] Cicourel, A. 1980. Three Models of Discourse Analysis: The Role of Social Struture. Discourse Processes. Ethnologist 35(2) 211-228.

Cuizon, R. (2014). Meta Analisis sa Pagsusuri ng Maiikling Kwento sa mga Tesis at Disertasyon. J.H. Cerilles State College, Mati, San Miguel, Zambaonga del Sur, PHILIPPINES.

Dill, C. (2013). "The safest place": Anti-oppression in Spoken Word Poetry (Doctoral dissertation, University of Saskatchewan). Retrieved from: https://bit.ly/38kpTS

Escoto, J. A. (2013). Who we are when we say we are: the politics of slam poetry (Doctoral dissertation, San Diego State University). Retrieved from: https://bit.ly/2ImAscW

Fernandez, J. A. (2018). A Discourse Analysis on Flip top Battles among Filipino Youth. Tin-aw, 2(1). Retrieved from https://bit.ly/3bIyIIE

Fraser, D., (2006). The creative potential of metaphorical writing in the literacy classroom. English Teaching: Practice and Critique, 5 (2), 93-108. Retrieved from: https://bit.ly/325bM0p

Gaboy, Luciano L. Empirical - Gabby's Dictionary: Praktikal na Talahuluganang Ingles-Filipino ni Gabby/Gabby's Practical English-Filipino Dictionary, GabbyDictionary.com

Herndon, S., & Weiss, J. (2001). We Speak in Streetlights: A Workshop in Spoken Word Poetry. https://eric.ed.gov

Jocano, F. L. (2001). Filipino worldview: ethnography of local knowledge. 2001. Lungsod Quezon: PUNLAD Research House, Inc., Diliman.

Kadipan. (n.d.) Mga Teoryang Pampanitikan. http://kadipanvalsci.blogspot.com/2010/08/mga-teoryang-pampanitikan.html

Kesselring, J. (2016). Making Transformative Space: Exploring Youth Spoken Word as a Site of Critical Pedagogy (Doctoral dissertation, Arizona State University). Retrieved from: https://bit.ly/2Gq5b8q

Kinloch, V. F. (2005). Poetry, literacy and creativity: fostering effective learning strategies in anurban classroom. https://eric.ed.gov

Let Reviewer sa Filipino. (2009) edition. G/F unit M, Paseo del Colegio Building S.H. Loyola St. Sampaloc, Manila.

Lineberger, J. (2015). Interpreting a poem’s main idea & theme video. Retrieved from: https://bit.ly/2NBXNtr

Limpot, M. L. (Koordineytor) (2019). Panitikang Filipino. Mutya Publishing House, Inc. 105 Engineering Road, Araneta University Village, Potrero, Malabon City.

Lumbera, B. L. (2000). Writing the nation/pag-aakda ng bansa. University of the Philippines Press. Lungsod Quezon: UP Diliman.

Mabaquiao, Jr., N., (2007). Globalisasyon, kultura, at kamalayang pilipino. MALAY. 2007 Tomo XIX. Blg. 3. Maynila: Pamantasang De La Salle.

Mahaguay, J. M. (2013). Ang pilosopiya ng edukasyon para sa mga pilipino ayon kay Emerita S. Quito: Isang pagsusuri. (Disertasyon). Maynila. Kolehiyo ng Malalayang Sining, Pamantasang De La Salle.

Malpas, S., & Wake, P. (Eds.). (2006). The Routledge companion to critical theory. New York: Routledge.

Mangahis, H. A. (2019). Panitikang Mapagpalaya O Mandaraya? Isang Holistikong Kritika Sa Kasalukuyang Panitikang Ginagamit Sa Pagtuturo Ng Filipino Sa Baitang 7-10. Dalumat E-Journal, 5(1). Retrieved from https://bit.ly/39ACi5C

Newfield, D., & d’ Abdon, R. (2015). Reconceptualising poetry as a multimodal genre. https://eric.ed.gov

North, G., (2008). What is spoken word poetry. The Nelson-Atkins Museum of Art. Retrieved from: https://bit.ly/2PJsJLa

Ramos, A. C. (2003). Mga Katawagang Kultural ng mga Manobo:Isang Panimulang Paglilikom. Isang Andergradweyt na Tesis, MSU-Iligan Institute of Technology.

Republic of the Philippines. Congress. (2009, June 30). Republic Act No. 9647: An act designating the Philippine Normal University as the country's National Center for Teacher Education, appropriating funds therefore, and for other purposes. Retrieved from http://www.lawphil.net/statutes/repacts/ra2009/ra_9647_2009.html

Republic of the Philippines. Commission on Higher Education. (2012). CHED Memorandum Order, No. 46, s 2012: Policy standards to enhance quality assurance (QA) in Philippine higher education through an outcomes-based and typology-based QA. Retrieved from http://www.ched.gov.ph/wp-content/uploads/2013/07/CMO-No.46-s2012.pdf

Republic of the Philippines. Commission on Higher Education. (2013). CHED Memorandum Order, No. 20, s 2013: General education curriculum: holistic understandings, intellectuals, and civic competencies. Retrieved from http://www.ched.gov.ph/wp-content/uploads/2013/07/CMO-No.46-s2012.pdf

Rivas, V. A. Continuation from Literary Approaches by Virgilio Rivas, Kafka’s Ruminations, An Instructional Tool in Teaching Philosophy and Related Disciplines, Daily/Weekly Personal Journal, 27 Hulyo 2006.

Sauco, C. P. Panitikan ng Pilipinas, Panrehiyon (PDF), Goodwill Trading Co., Inc.

San Juan, D. M. M. (2013). Kaisipang nasyonalista at teoryang dependensiya sa edukasyon: Ideolohikal na kritik ng programang K to 12 ng Pilipinas. 2013. Malay Tomo XXVI Blg. 1. Maynila: Pamantasang De La Salle.

Skinner, B. F. (1988). The selection of behavior: The operant behaviorism of BF Skinner: Comments and consequences. CUP Archive.

Serhat at Kurt (2021). Situated Learning Theory, Serhat at Kurt, (2020). Taxonomy of Learning ni Robert Gagne.

Severo, J M. (2020). Pagsusuri sa mga Piling Spoken Word Poetry: Mungkahing Disenyo Ng Aralin.

Sepeda, B. N. (2012). Isang Pagpapanibago ng Edukasyon sa Pilipinas Batay sa Isang Makabayang Pilosopiya. MALAY Tomo XXIV Blg. 2. Maynila: Pamantasang De La Salle.

Smith, M. K., & Kraynak, J. (2009). Take The mic. The art of performance poetry, slam and thespoken word. https://eric.ed.gov

Taput, E. (2013). Sikolohikal na Pagsusuri sa Nobelang laro sa Baga ni Edgardo M. Reyes. http://ethelia0001.blogspot.com/2013/10/sikolohikal-na-pagsusuri-sa-nobelang.html

Taylor and Francis Group. Santiago, E.M., Kahayon, A.H.& Lindico,M.P., (1998). Panitikang Filipino kasaysayan at pag-unladpangkolehiyo. Manila: National Book Store.

Törnqvist, S. (2019). Speaking through poetry-Using spoken word poetry to lower speaking anxiety among Swedish EFL learners. Retrieved from: https://bit.ly/2qbbcRb

Villanueva, Z. (1998). Panitikan ng Pilipinas. Merriam & Webster Bookstore, Inc.

Villanueva, V. (2021). Makabayang Pedagohiya: Pagdalumat, Proseso, at Output. Malay 33 (2) June 2021, pp74-89. Philippine Normal University-Manila.

Weinstein, S., (2010). “A unified poet alliance”: the personal and social outcomes of youth spoken word poetry programming. https://eric.ed.gov.

Yu, R. T., (2005). Tungo sa pagbuo ng Filipinong diskursong pangkalinangan. Flipino at Pagpaplanong Pangwika, Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL. Sentro ng Wikang Filipino. Lungsod Quezon: UP Diliman.

Di Limbag Na Disetasyon At Tesis

Jersey, C., (2016) Mga Akda Tungo sa Pagkilala ng Kulturang Bacongnon, Sorsogon State College, School of Graduate Studies, Sorsogon City

Edma, C., 2022. Kompetensi ng mga Mag-aaral sa Senior High School sa larangan ng pagsulat teknikal. Isang Disertasyon.

**Elektronikong Sanggunian**

(DOC) Guro, Tagapagtaguyod ng Makabayang Pedagohiya | Christian Joni Gregorio - Academia.edu

https://www.coursehero.com/file/70712358/1-KAHULUGAN-AT-DEPINISYON-NG-PANITIKANpptx/

https://www.slideshare.net/CharmaineMadrona1/ang-paglinang-ng-kurikulum

https://www.slideshare.net/AJHSSRJournal/pagdalumat-sa-pagpaplanong-pangwika-ng-pamantasang-normal-ng-cebu

https://www.bing.com/search?q=CHED+Kahulugan+sa+Tagalog&qs=n&form=QBRE&sp=-1&pq=ched+kahulugan+sa+tagalog&sc=5-25&sk=&cvid=329EE9E5545D48CC89FB8189365352BC&ghsh=0&ghacc=0&ghpl=

https://tl.wikipedia.org/wiki/Pananaliksik

https://tl.weblogographic.com/difference-between-college

https://www.studocu.com/ph/document/university-of-southern-mindanao/literatures-of-the-world/final-outline-pagtuklap-sa-katangiang-taglay-ng-mga-piling-spoken-word-poetry-ni-carlo-bonn-hornilla/25420448

https://www.youtube.com/watch?v=SnqDwzdycjM

https://www.youtube.com/watch?=Od1uyTaWD1Q

https://www.facebook.com/messenger_media/?attachment_id=992322658481446&message_id=mid.%24cAABa92le6pmQW6G5ymKKlwjZEYiH&thread_id=100018671250073

https://www.facebook.com/messenger_media/?attachment_id=2200685083467464&message_id=mid.%24cAA

Ba92le6pmQXHMHKmKKy2txy57Q&thread_id=100018671250073
https://www.youtube.com/watch?=pzQfbnTHUU
(1234) BAYANIHAN | Spoken Word Poetry | NICK SARCILLA VILLAREAL – YouTube
https://www.youtube.com/watch?v=BPiemcQSK3w
https://www.youtube.com/watch?v=CgsJXitXcPs
https://www.youtube.com/watch?v=N6cwWyMfRMA
https://www.youtube.com/watch?v=4NufjZ2XUo4
https://www.youtube.com/watch?v=JwTTZAgch5E
https://www.bing.com/videos/search?&q=spoken+word+poetry+tagalog+about+life&docid=603510838623484276&mid=BF4AC119497A03F81A33BF4AC119497A03F81A33&view=detail&FORM=VDRVRV&ajaxhist=0
https://www.bing.com/videos/search?&q=spoken+word+poetry+tagalog+about+life&docid=603510838623484276&mid=8927C3AFEDEA22171DCC8927C3AFEDEA22171DCC&view=detail&FORM=VDRVRV&ajaxhist=0
https://www.youtube.com/watch?v=?
https://www.youtube.com/watch?v=mFFMbxgGSu4
https://www.youtube.com/watch?v=NOSBnruyYwq
https://www.bing.com/videos/search?q=spoken+word+poetry+tagalog+about+life&docid=603510838623484276&mid=EE016347003357F6D947EE016347003357F6D947&view=detail&FORM=VIRE
https://www.bing.com/videos/search?&q=spoken+word+poetry+tagalog+about+life&docid=603510838623484276&mid=863BAE943B64D3123278863BAE943B64D3123278&view=detail&FORM=VDRVRV&ajaxhist=0
https://www.bing.com/videos/search?&q=spoken+word+poetry+tagalog+about+life&docid=603510838623484276&mid=4D561459DE7A42AF52454D561459DE7A42AF5245&view=detail&FORM=VDRVRV&ajaxhist=0
https://www.bing.com/videos/search?&q=spoken+word+poetry+tagalog+about+life&docid=603510838623484276&mid=E171CE2BE3BC40EC82CBE171CE2BE3BC40EC82CB&view=detail&FORM=VDRVRV&ajaxhist=0
https://www.bing.com/videos/search?&q=spoken+word+poetry+tagalog+about+life&docid=603510838623484276&mid=97D4B5B49ADD2A7ED7E797D4B5B49ADD2A7ED7E7&view=detail&FORM=VDRVRV&ajaxhist=0
https://www.bing.com/videos/search?&q=spoken+word+poetry+tagalog+about+life&docid=603510838623484276&mid=10DFC86141CAAAC7EA2C10DFC86141CAAAC7EA2C&view=detail&FORM=VDRVRV&ajaxhist=0
https://www.bing.com/videos/search?q=spoken+word+poetry+tagalog+about+life&&view=detail&mid=E5D8A51F5884BDB9942AE5D8A51F5884BDB9942A&&FORM=VRDGAR&ru=%2Fvideos%2Fsearch%3Fq%3Dspoken%2520word%2520poetry%2520tagalog%2520about%2520life%26%26FORM%3DVDVVXX
https://www.youtube.com/watch?v=rPltk_heLoM
https://www.facebook.com/messenger_media?attachment_id=665268068601915&message_id=mid.%24cAABa92le6pmQXRj0emKK9OiQR0-K&thread_id=100018671250073
https://www.youtube.com/watch?v=T4IsTGuYX9U
Balaton M.F., (retrieved 2020). Central Bicol State University.Agriculture.Pili,CamarinesSur.https://www.academia.edu/37711877/Tapos_na_talaga_.
https://www.offocialgazette.gov.ph/2013
(DOCX) Teoryang Hermeneutics - DOKUMEN.TIPS
https://www.studocu.com/ph/document/nueva-ecija-university-of-science-and-technology/dalumat-ngsa-filipino/fil-3-kabanata-2-teoryang/71620629
Teoryang Innatism | PDF (scribd.com)
Dyornal

Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research Vol. 7 No.1, 18 45-51 Part II.
Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research P-ISSN 2350-7756 | E-ISSN 2350-8442 | www.apjmr.com | Volume 2, No. 5. [15] Gorumba J. (2019).
Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1. jennifer.gorumba@yahoo.com. www.apjmr.com. [16] https://en.m.wikipedia.org/wiki/Nabua. Nakuha: Marso 23, 202.
Academe University of Bohol, Graduate School and Professional Studies Journal92.
HUMMS, (2020). https://www.humss.net/imahen-tayutay-at-diksiyon
IJAMS-APRIL-2023-64-73.pdf (ijams-bbp.net)
Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)2019